SA LAHAT NG DAYUHANG NANINIRAHAN SA JAPAN

Mula Hulyo ng 2012, magbabago ang Batas hinggil sa Imigrasyon

# Magsisimula ang panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan!

Noong ika-15 ng Hulyo, 2009, ipinahayag ang "Batas na Nagsususog sa Batas hinggil sa Pangangasiwa sa Imigrasyon at Pagkilala sa Nanganganlungan *(Refugee),* at sa bahagi ng Pantanging Batas hinggil sa Pangangasiwa sa Imigrasyon ng mga Nadistiyero (mga humiwalay sa nasyonalidad na Hapones) mula sa Japan batay sa Kasunduang Pangkapayapaan sa pagitan ng Japan (at ng bansang pinagtunguhan)," at mula Hulyo ng 2012 (*), pasisimulan ang panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan. (*) Itatakda ang araw ng pagpapatupad sa pamamagitan ng kautusan ng gabinete.

## Ano ang Panibagong Sistema ng Pangangasiwa sa Paninirahan?

Ang panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan ay sistemang pasisimulan upang patuloy na maunawaan ng Kalihim ng Katarungan ang kinakailangang impormasyon para sa pangangasiwa sa paninirahan ng mga dayuhan, at nang sa gayon higit na maisulong ang kapakinabangan ng mga dayuhang legal na naninirahan sa Japan. Halimbawa na rito ang pagkakaloob ng residence card sa mga dayuhang legal na naninirahan sa Japan sa loob ng matagal-tagal o matagal na panahon. Kung nagbago ang pinagtatrabahuhan, kakailanganing magbigay ng notipikasyon ukol dito sa kinauukulan. Mula sa kasalukuyang 3 taon, gagawing 5 taon ang pinakamatagal na panahon ng paninirahan, at pasisimulan din ang sistema ng pagtuturing ng pahintulot para sa muling pagpasok sa bansa *(re-entry)* kung saan sa patakaran, hindi na kakailanganin ang proseso ng pagpapahintulot ng muling pagpasok sa bansa kung sa loob ng 1 taon ang muling pagpasok sa bansa.

Kasabay ng pagsisimula ng panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan, tatanggalin ang sistema ng pagrehistro ng mga dayuhan.

**PUNTO 1** Ipagkakaloob ang "Residence Card"

**PUNTO 2** Magiging 5 taon ang pinakamahabang panahon ng paninirahan

**PUNTO 3** Pasisimulan ang Sistema ng Pagtuturing ng Pahintulot para sa Muling Pagpasok sa Bansa

**PUNTO 4** Tatanggalin ang Sistema ng Pagrehistro ng mga Dayuhan

Kawanihan ng Imigrasyon, Kagawaran ng Katarungan
http://www.immi-moj.go.jp/newimmiact_1

## Sino ang nasasakop sa Panibagong Sistema ng Pangangasiwa sa Paninirahan?

Nasasakop sa panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan ang mga **dayuhang may pahintulot para sa paninirahan *(status)* na naaayon sa Batas hinggil sa Imigrasyon at legal na naninirahan sa Japan sa loob ng matagal-tagal o matagal na panahon** (tatawaging “matagal-tagal o matagal na naninirahan” mula rito), sa tiyak na salita, ang mga **dayuhang hindi sumasailalim sa alinman sa sumusunod** na 1 hanggang 6.

① taong binigyan ng panahon ng paninirahan na hindi hihigit sa “3 buwan”

② taong binigyan ng pahintulot para sa paninirahan na “Panandaliang Pananatili” *(Temporary Visitor)*

③ taong binigyan ng pahintulot para sa paninirahan na “Diplomatiko” *(Diplomat)* o “Opisyal” *(Official)*


④ taong kinilala ayon sa Kautusan ng Kagawaran ng Katarungan bilang katumbas ng nabanggit na ① hanggang ③(*)

⑤ Bukod-tanging Permanenteng residente

⑥ taong walang pahintulot para sa paninirahan

Nasasakop dito ang mga taong kasal sa Hapones at may lahing Hapones (“Asawa atbp. ng Hapones” o “Pangmatagalang Residente” ang pahintulot para sa paninirahan), mga nagtatrabaho sa kumpanya atbp. (“Inhinyero” o “Dalubhasa sa Kaisipan at Ugnayan ng mga Tao/Pandaigdig na Paglilingkod” atbp. ang pahintulot para sa paninirahan), *Technical Intern Trainee,* Estudyante sa pamantasan at Permanenteng Residente, at hindi nasasakop ang mga nananatili sa Japan nang maikling panahon para sa pamamasyal atbp.

(*) Tinutukoy dito ang mga binigyan ng pahintulot para sa paninirahan na “Itinakdang Gawain” *(Designated Activities),* at kasalukuyang binabalak na kilalanin ang itinakda para sa gawain bilang tauhan ng tanggapan ng punong-tanggapan ng Komisyon sa Ugnayan ng Silangang Asya *(East Asia Relations Commission)* o tauhan ng Pangkalahatang Misyon ng Palestina sa Japan *(General Mission of Palestine – Tokyo)* o miyembro ng pamilyang sambahayan ng tauhang iyon.




# PUNTO 1 Ipagkakaloob ang "Residence Card"

## Ano ang "Residence Card"?

Ipagkakaloob ang residence card sa mga matagal-tagal o matagal na naninirahan sa Japan, kaugnay ng mga pahintulot ukol sa paninirahan tulad ng pahintulot ng paglapag *(landing permit)*, pahintulot magpalit ng pahintulot para sa paninirahan, pahintulot ng pagpapanibago ng panahon ng paninirahan *(renewal o extension)* atbp.

**(Harapan ng Card)**




* Upang mahadlangan ang paghuhuwad o alterasyon, may nakakabit sa residence card na IC chip kung saan nakatala ang lahat o bahagi ng mga bagay-bagay na nakasulat sa card.

**May "panahon ng pagkakaroon ng bisa" ang residence card.**

**Ang sumusunod ang panahon ng pagkakaroon ng bisa ng residence card.**

Para sa 16 taong gulang pataas

Permanenteng Residente

7 taon mula sa araw ng pagkakaloob

Hindi Permanenteng Residente

Hanggang sa araw ng pagkawalang bisa ng panahon ng paninirahan

Para sa wala pang 16 taong gulang

Permanenteng Residente


Hanggang sa ika-16 na kaarawan

Hindi Permanenteng Residente

Hanggang sa araw ng pagkawalang bisa ng panahon ng paninirahan o hanggang sa ika-16 na kaarawan, kung alin ang mauna

Kapag lumipat ng tirahan, isusulat sa puwang na ito ang bagong tirahang nilipatan.

**(Likuran ng Card)**




Dito itinatala kung kasalukuyang humihiling *(naga-apply)* ng pahintulot para sa pagpapanibago ng panahon ng paninirahan *(extension)* o humihiling ng pahintulot para baguhin *(change)* ang pahintulot para sa paninirahan.

* Pagkatapos ng paghiling, kapag pinahintulutan ang pagpapanibago o pagbabago, ipagkakaloob ang bagong residence card.

Dito itinatala ang nilalaman ng pahintulot kapag nakatanggap ng pahintulot para sa gawaing hindi sakop sa status.

**(*) Sinusuri pa ang balangkas na ito at maaaring magbago pa ito sa hinaharap.**

## PUNTO 2 — Magiging 5 taon ang pinakamahabang panahon ng paninirahan

Ukol sa pahintulot para sa paninirahan na “3 taon” ang pinakamatagal na panahon ng paninirahan, magiging “5 taon” ang panahon ng paninirahan.

Halimbawa, sa mga taong nagpakasal sa Hapones at naninirahan nang may pahintulot para sa paninirahan na “Asawa ng Hapones, atbp,” sa kasalukuyan, “1 taon” o “3 taon” ang panahon ng paninirahan ngunit kapag nasimulan na ang panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan, madaragdag dito bilang pinakamahabang panahon ng paninirahan ang “5 taon.”

## PUNTO 3 — Pasisimulan ang Sistema ng Pagtuturing ng Pahintulot para sa Muling Pagpasok sa Bansa

Para sa mga dayuhang nagmamay-ari ng pasaporteng may-bisa at residence card, kung muling papasok sa bansa sa loob ng 1 taon mula sa paglabas ng bansa (*), sa patakaran, hindi kakailanganing kumuha ng pahintulot para sa muling pagpasok sa bansa.

* Para sa lumabas ng bansa ayon sa Sistema ng Pagtuturing ng Pahintulot para sa Muling Pagpasok sa Bansa, hindi maaaring patagalin *(i-extend)* ang panahon ng pagkakaroon ng bisa nito sa ibang bansa.


(*) Kung walang 1 taon ang natitirang panahon ng paninirahan pagkalabas ng bansa, hinihiling na muling pumasok sa bansa bago dumating ang huling araw ng paninirahan.

Kung kukuha ng pahintulot para sa muling pagpasok bago lumabas ng bansa tulad ng dati nang paraan, pahahabain ang pinakamatagal na panahon ng pagkakaroon ng bisa ng pahintulot para sa muling pagpasok sa “5 taon” mula sa “3 taon.”

## PUNTO 4 — Tatanggalin ang Sistema ng Pagrehistro ng mga Dayuhan

Dahil sa pagsisimula ng panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan, tatanggalin ang sistema ng pagrehistro ng mga dayuhan.

Alinsunod dito, magbabago rin ang pamamaraan ng pagbibigay ng notipikasyon sa kinauukulan. Kung bago pa lang nagtakda ng tirahan o lumipat ng tirahan, magbigay ng notipikasyon sa lungsod, munisipyo, bayan o baryo tulad ng kasalukuyang paraan. Kung nagbago ng pangalan, araw ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad, rehiyon, magbigay ng notipikasyon sa pinakamalapit na panrehiyong tanggapan ng imigrasyon.




Kailangan ang pagbibigay ng notipikasyon sa panrehiyong tanggapan ng imigrasyon para sa mga taong may pahintulot para sa paninirahan na “Inhinyero” o iba pang pahintulot para sa pagtatrabaho, o “Estudyante” o iba pang pahintulot para sa pag-aaral, kung nagbago ang kinabibilangang institusyon; at para sa mga taong may pahintulot para sa paninirahan na “Asawa atbp. ng Hapones” at “Pananatili bilang Kapamilya” *(Dependent)*, kung nakipaghiwalay sa asawa o pumanaw ang asawa.

Ukol naman sa “Sertipiko ng Pagrehistro bilang Dayuhan” *(Alien Registration Card)* ng mga matagal-tagal o matagal na naninirahan, pagkatapos pasimulan ang panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan, ituturing itong “residence card” nang pansamantala, kaya’t paghawakan pa rin ito hanggang pagkalooban ng residence card.

# Proseso ng Panibagong Sistema ng Pangangasiwa sa Paninirahan

## Inspeksyon sa Imigrasyon

Kasabay ng pagtatak ng pahintulot ng paglapag *(landing permit)* sa pasaporte, magkakaloob din ng residence card sa mga taong matagal-tagal o matagal na naninirahan. (sa mga nakatakdang paliparan at daungang-dagat lamang muna)

## Pagbibigay ng Notipikasyon ng (Pagbabago sa) Tirahan

Magbigay ng notipikasyon ng tirahan sa lungsod, munisipyo, bayan o baryo sa loob ng 14 araw mula ng pagtakda ng tirahan. Pareho rin ang gagawin kung lumipat ng tirahan pagkatapos nito.

(Sa hindi ipinagkalooban ng residence card sa oras ng inspeksyon sa imigrasyon, sa pamamagitan ng pagbibigay ng notipikasyon ng tirahan sa kinauukulan, ipagkakaloob ang residence card sa ibang araw.)

* Kung pupunta upang magbigay ng notipikasyon sa tanggapan ng lungsod, munisipyo, bayan o baryo, siguraduhing dala-dala ang residence card (para sa taong hindi pa napagkakalooban ng residence card, dalhin ang pasaporte).

### Pagbibigay ng Notipikasyon ng Pagbabago sa Pangalan atbp.

Kapag nagbago ng pangalan, araw ng kapanganakan, kasarian, nasyonalidad o rehiyon, magbigay ng notipikasyon sa panrehiyong tanggapan ng imigrasyon sa loob ng 14 araw mula ng pagbabago.

### Pagbibigay ng Notipikasyon kaugnay ng Kinabibilangang institusyon

"Inhinyero" o iba pang pahintulot para sa pagtatrabaho (liban sa "Artista," "Gawaing Panrelihiyon" at "Peryodista (o Mamamahayag)"), "Estudyante" o iba pang pahintulot para sa pag-aaral ⇒ Kung magkaroon ng pagbabago atbp. sa pangalan o kinaroroonan ng kinabibilangang institusyon, magbigay ng notipikasyon sa panrehiyong tanggapan ng imigrasyon sa loob ng 14 araw mula ng pagbabago.

Sa "Pananatili bilang Kapamilya" *(Dependent)*, "Itinakdang Gawain (C)" *(Designated Activities)*, "Asawa atbp. ng Hapones" at "Asawa atbp. ng Permanenteng Residente," para sa may kaugnayan sa asawa ⇒ Kung nakipaghiwalay sa asawa o pumanaw ang asawa, magbigay ng notipikasyon sa panrehiyong tanggapan ng imigrasyon sa loob ng 14 araw mula ng pangyayaring ito.

### Muling Pagkakaloob ng Residence Card

Kung mawala, manakaw, mawasak, masira, marungisan nang lubha atbp, humiling (mag-apply) para sa muling pagkakaloob sa panrehiyong tanggapan ng imigrasyon.

* Kung nagnanais magpapalit ng residence card sa kadahilanang hindi nabanggit dito, maaari ring mag-apply para sa muling pagkakaloob nito.
Sa ganitong pangyayari, ipapapasan ang bayad na (ipapabayad ang) katumbas ng aktuwal na halaga ng gastusin para rito.

## Pagsusuri sa Paninirahan

Sa pagbibigay ng pahintulot ng pagpapanibago ng panahon ng paninirahan *(renewal* o *extension)*, pagpapalit ng pahintulot para sa paninirahan *(change)* atbp, magkakaloob ng residence card sa taong matagal-tagal o matagal na naninirahan.

(Hindi magtatatak ng pahintulot kaugnay ng paninirahan sa pasaporte.)

* Sa mga Permanenteng Residente, kailangang dumaan sa proseso ng pagpapanibago ng panahon (*renewal*) ng pagkakaroon ng bisa ng residence card.



# Mag-ingat!

Kasabay ng pagsisimula ng panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan, itatakda rin ang mga sumusunod na kadahilanan para sa pagpapawalang-bisa ng pahintulot para sa paninirahan, kadahilanan para sa sapilitang pagpapaalis sa bansa (o deportasyon) at pagtatakda ng kaparusahan.

- **Pagpapawalang-bisa ng Pahintulot para sa Paninirahan**
  - nakatanggap ng bukod-tanging pahintulot para sa paninirahan *(special visa)* sa pamamagitan ng di-wastong pamamaraan
  - nanirahan nang hindi nagsasagawa ng gawain bilang asawa nang 6 buwan pataas nang walang nararapat na dahilan ang taong naninirahan bilang asawa at may pahintulot para sa paninirahan na “Asawa atbp. ng Hapones” o “Asawa atbp. ng Permanenteng Residente”
  - hindi nagbigay ng notipikasyon ng tirahan nang walang nararapat na dahilan o nagbigay ng di-tunay na notipikasyon
- **Kadahilanan para sa Sapiliting Pagpapaalis (Deportasyon)**
  - gumawa ng paghuhuwad, alterasyon atbp. sa residence card
  - napatawan ng sentensyang pagkakakulong o higit pa dahil sa pagbibigay ng di-tunay na notipikasyon atbp.
- **Pagtatakda ng Kaparusahan**
  - para sa mga matagal-tagal o matagal na naninirahan, kung gumawa ng paglabag na pagbibigay ng di-tunay na notipikasyon, paglabag sa tungkuling magbigay ng notipikasyon, paglabag sa tungkulin ng pagtanggap, pagdala, pagpapakita ng residence card
  - maghihigpit sa krimeng pagtaguyod o pagtulong sa ilegal na pagtatrabaho
  - kung gumawa ng bagay tulad ng paghuhuwad, alterasyon atbp. sa residence card

Q&A

Tanong at Sagot

**Tanong: Kailangan bang ipalit agad sa Residence Card ang kasalukuyang hawak na Sertipiko ng Pagrehistro bilang Dayuhan?**

Sagot: Matapos pasimulan ang panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan, hindi kailangang magpalit agad sa residence card (ngunit maaaring magpalit kung nais). Sa pansamantalang panahon mula sa araw ng pagpapatupad ng isinusog na batas, ituturing na residence card ang sertipiko ng pagrehistro bilang dayuhan na kasalukuyang hawak ng mga matagal-tagal o matagal nang naninirahan.

Ukol sa pagpapalit ng mga hindi permanenteng residente, sa kabuuan, ipagkakaloob ang residence card sa oras ng pagpapanibago ng panahon ng paninirahan *(renewal)* matapos pasimulan ang sistemang ito.

Ukol sa mga permanenteng residente, sa patakaran, kinakailangang mag-apply para sa pagkakaloob ng residence card sa loob ng 3 taon matapos pasimulan ang panibagong sistema ng pangangasiwa sa paninirahan.

**Para sa mga Katanungan**

**Information Center sa Paninirahan ng mga Dayuhan (Lunes-Biyernes 8:30 am - 5:15 pm)**
**Telepono 0570-013904 (mula sa IP Phone, PHS o sa ibang bansa 03-5796-7112)**